**LEARNING ACTIVITY SHEETS (LAS)**
**Grade 7 – FILIPINO**

---

Pangalan: __________________________Petsa: ________ Marka:______

## PANITIKAN NG PILIPINAS, IPINAGMAMALAKI KO!

- **PANUTO:** Upang mahasa pa ang inyong kasanayan sa wastong gamit ng angkop na mga pahayag sa panimula, gitna at wakas gayundin ang pagbubuod ng tekstong binasa sa tulong ng pangunahin at mga pantulong na kaisipan, basahin at unawain ang mga akdang nasa kahon. Pagkatapos, tugunan ang mga gawain kasunod nito.

ANG KAWAYAN
(Isang Kuwentong Bayan)

Sa isang bakuran, may ilang punungkahoy na may kanya-kanyang katangian. Mabunga ang Santol, mayabong ang Mangga, mabulaklak ang Kabalyero, tuwid at mabunga ang Niyog. Ngunit sa isang tabi ng bakuran ay naroroon ang payat na Kawayan.

Minsan, nagpaligsahan ang mga punungkahoy.

*"Tingnan ninyo ako,"* wika ni *Santol*. *"Hitik sa bunga kaya mahal ako ng mga bata."*

*"Daig kita",* wika ni *Mangga*. *"Mayabong ang aking mga dahon at hitik pa sa bunga kaya maraming ibon sa aking mga sanga."*

*"Higit akong maganda",* wika ni *Kabalyero*. *"Bulaklak ko'y marami at pulang-pula. Kahit malayo, ako ay kitang-kita na."*

"*Ako ang tingnan ninyo. Tuwid ang puno, malapad ang mga dahon at mabunga,*" wika ni *Niyog*. *"Tekayo, kaawa-awa naman si Kawayan. Payat na at wala pang bulaklak at bunga. Tingnan ninyo. Wala siyang kakibu-kibo. Lalo na siyang nagmumukhang kaawa-awa".*

Nagtawanan ang mga punungkahoy. Pinagtawanan nila ang Kawayan.

**Tiyak na Linggo: 4-5**
**Target na Kasanayan:** Nagagamit ng wasto ang mga angkop na pahayag sa panimula, gitna at wakas
: Naibubuod ang tekstong binasa sa tulong ng pangunahin at mga pantulong na kaisipan
**Kabatiran para sa Guro** - Ang LAS na ito ay susubok sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral batay sa kompetensing sa kanila ay nalinang.

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

Nagalit si Hangin sa narinig na usapan ng mga punungkahoy. Pinalakas niya nang pinalakas ang kanyang pag-ihip. Isang oras niyang pagkagalit ay nalagas ang mga bulaklak, nahulog ang mga bunga at nangabuwal ang puno ng mayayabang na punungkahoy. Tanging ang mababang-loob na si Kawayan ang sumunod-sunod sa ihip ng malakas na hangin ang nakatayo at di nasalanta.

*Mula sa : https://www.kapitbisig.com/philippines/tagalog-version-of-folktales-mga-kuwentong-bayan-ang-punong-kawayan-kuwentong-bayan-folktale_595.html*

I. Piliin sa panaklong ang tamang pahayag na dapat gamitin upang buoin ang buod ng akdang binasa.

**ANG KAWAYAN**

**(Isang Kuwentong Bayan)**

1. **(Sa simula pa lamang; Kahapon)** may kani-kaniyang mga katangian ang mga punongkahoy. May ilang mabunga, may matataas, may magagandang bulaklak o di kaya naman hitik sa dahon. 2. **(Noong isang araw; Minsan),** nagpayabangan sila. Ipinagmalaki ni Santol ang hitik niyang bunga na gustong-gusto ng mga bata. 3. **(Minsan; Kasunod)** nito, minaliit ni Mangga ang hitik na bunga ni Santol dahil taglay din daw ni Mangga ang mayabong na dahon na naiibigan hindi lamang ng mga bata kundi maging ng mga ibon. 4. **(Hanggang; Sumunod)** namang ipinagyabang ni Kabalyero ang magaganda niyang pulang bulaklak na makikita kahit sa malayo pa lang. 5. (**Saka; Hanggang)** humirit si Niyog. 6. **(Walang ano-ano; Kaya naman),** ininis niya si Kawayan. Aniya, kaawa-awa ito dahil sa napakapayat, wala pang bunga at bulaklak. Pinagtawanan nila si Kawayan 7. **(hanggang, minsan)** narinig sila ni Hangin at nagalit sa kanilang pang-aalipusta kay Kawayan. 8. **(Saka, hanggang)** umihip siya ng ubos lakas na nagpalaglag sa mga dahon, bulaklak at bunga ng mga mayayabang na punongkahoy. 9. **(Pagkatapos, Nang)** nito, isa-isa silang nabuwal. 10. **(Saka, Sa huli)**, tanging ang may mababang-loob na si Kawayan na sumunod sa ihip ni Hangin at nanatiling nakatayo at di nabuwal.

**Tiyak na Linggo: 4-5**
**Target na Kasanayan:** Nagagamit ng wasto ang mga angkop na pahayag sa panimula, gitna at wakas
: Naibubuod ang tekstong binasa sa tulong ng pangunahin at mga pantulong na kaisipan
**Kabatiran para sa Guro** - Ang LAS na ito ay susubok sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral batay sa kompetensing sa kanila ay nalinang.

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

## PAGSASANAY 2

(1) Ako ay Pilipino at buong puso kong ipinagmamalaki ang panitikan ng aking bansang PIlipinas. (2) Narito ang mga dahilan.


(3) Una, bago pa man tayo sinakop ng mga dayuhan, hindi pa man laganap noon ang panulat, malawak na ang koleksyon ng mga di-nasusulat na akda gaya ng bulong, awiting-bayan, alamat, epiko at iba pa na tunay na nagpapakita ng makulay na kultura ng ating mga ninuno. (4) Ang nakamamangha pa, naipalaganap lamang ito sa pagsasalin-dila. (5) Ipinakikita nito na ang ating mga ninuno ay totoong nagpapahalaga sa kanilang kultura at panitikan.

(6) Ikalawa, ang ating panitikan ay nasusulat sa iba't ibang mga wika at wikain sa ating bansa. (7) Sadyang masining ang ating mga manunulat na Pilipino kaya anumang wika nasusulat ang mga akda, nagtataglay ito ng pambihirang kariktan kapag ang mga ito ay binabasa natin.

(8) Ikatlo, sa kasalukuyan, patuloy pa ring pinagyayaman ang ating panitikan. (9) Kaya naman, bilang mga Pilipino, marapat lamang na pangalagaan ang ating panitikan sa pamamagitan ng laging pagtangkilik at pagbabasa ng mga akdang nasa wikang Filipino at sa iba pang mga wika sa Pilipinas na iyong alam. (10) Isa pa, subukan nating lumikha ng mga akdang nasa ating sariling wika. (11) Sa gayon, hindi lamang natin maipakikita ang pagmamalaki sa ating panitikan kundi lalo nating mapayayabong maging ang ating pambansang wika.

I. *Sundin ang gawain sa bawat mga bilang.*

11-14. Gamit ang dayagram sa ibaba, itala ang pangunahing kaisipan at mga pantulong na kaisipan sa binasang akda.





**Tiyak na Linggo: 4-5**
**Target na Kasanayan:** Nagagamit ng wasto ang mga angkop na pahayag sa panimula, gitna at wakas
: Naibubuod ang tekstong binasa sa tulong ng pangunahin at mga pantulong na kaisipan
**Kabatiran para sa Guro** - Ang LAS na ito ay susubok sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral batay sa kompetensing sa kanila ay nalinang.

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

15-20. Mula sa dayagram, ibuod ang akda. Gumamit ng mga pahayag ng simula, gitna at wakas sa pagbubuod**.** Gawing gabay ang sumusunod na rubriks:

*Pagbubuod – 4 puntos*
*Paggamit ng mga pahayag sa simula, gitna at wakas – 2 puntos*



**Tiyak na Linggo: 4-5**
**Target na Kasanayan:** Nagagamit ng wasto ang mga angkop na pahayag sa panimula, gitna at wakas
: Naibubuod ang tekstong binasa sa tulong ng pangunahin at mga pantulong na kaisipan
**Kabatiran para sa Guro** - Ang LAS na ito ay susubok sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral batay sa kompetensing sa kanila ay nalinang.

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**